厚生労働省 ひと、くらし、みらいのために
Ministry of Health, Labour and Welfare

Bersyon sa Tagalog / タガログ語版

# Paggamit ng My Number Card bilang Health Insurance Card

Bersyon sa Tagalog (mula Hulyo 2025)


Health Insurance Bureau, Ministry of Health, Labour ang Welfare

Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

# Pangkalahatang-Ideya ng Sistema ng Health Insurance sa Japan

Sa sistema ng health insurance sa Japan, ang lahat ng kwalipikadong miyembro ay maaaring tumanggap ng pangangalagang medikal sa ilalim ng itinakdang halaga na kailangan bayaran sa pamamagitan ng pagbabayad ng insurance premiums. Kabilang sa mga kwalipikadong miyembro ang mga mamamayang Hapon, pati na rin ang mga dayuhang tumutugon sa itinakdang kondisyon, tulad ng mga indibidwal na nananatili sa Japan nang higit sa tatlong buwan.

Kapag aktuwal na tatanggap ng pangangalagang medikal, ang mga kwalipikadong miyembro ay malayang makakapili kung saang institusyong medikal o parmasya magpapakonsulta.



# Paano magpakonsulta sa institusyong medikal o parmasya

Sa pamamagitan ng pag-verify ng iyong kwalipikasyon gamit ang iyong My Number Card at iba pa, maaari kang magpakonsulta nang binabayaran lamang ang 10% hanggang 30% na kailangan mong bayaran.

## Pag-verify ng Health Insurance Certificate sa mga Institusyong Medikal o Parmasya


Kapag magpapakonsulta sa institusyong medikal o paramasya, kukumpirmahin ang iyong kwalipikasyon gamit ang alinman sa mga sumusunod:

- **My Number Card**
- **Health Insurance Card***
- **Sertipiko ng Kwalipikasyon***


(*) Para sa mga walang My Number Card o mga hindi ito nairehistro bilang Health Insurance Card, maaaring gamitin ang Health Insurance Card (hanggang sa pinakamahabang palugit sa Disyembre 1, 2025) o Sertipiko ng Kwalipikasyon (inisyu mula noong Disyembre 2, 2024).

Sa ganitong paraan, maaaring magpakonsulta ang mga nasa edad **6 na taong gulang** ~ **69 taong gulang** sa pamamagitan ng pagbabayad ng **30%** sa halip na buong halaga ng gastusing medikal.
Ang ibang indibidwal ay maaari ring magpakonsulta sa pamamagitan ng pagbabayad ng 10%, 20%, o 30% depende sa kanilang edad at kita.

**My Number Card**




**Health Insurance Card**
**(hanggang Disyembre 1, 2025)**




**Sertipiko ng Kwalipikasyon**
**(mula Disyembre 2, 2024)**



# Paano makakuha ng My Number Card

May apat na paraan para mag-apply para makakuha ng My Number Card.

## Smartphone (Japanese lamang)

1. Kumuha ng larawan ng iyong mukha gamit ang smartphone (maaari kang kumuha ng larawan sa gitna ng pagsasagawa ng proseso).
2. I-scan ang **QR code para sa aplikasyon ng pag-isyu** ng individual number notification gamit ang iyong smartphone.
3. Irehistro ang iyong email address at iba pang impormasyon sa lumabas na nakalaang website para sa mga aplikante.
4. Kapag natanggap mo na ang URL ng nakalaang website para sa mga aplikante sa iyong email address, irehistro ang larawan ng iyong mukha, ilagay ang mga kinakailangang impormasyon, at kumpletuhin ang aplikasyon.



**QR code para sa aplikasyon ng pag-isyu**

## Photo booth para sa pagpapatunay

1. Piliin ang “Mag-apply para sa My Number Card” mula sa touch panel.
2. Ipasok ang bayad para sa pagkuha ng larawan at i-scan ang **QR code para sa aplikasyon ng pag-isyu** ng individual number notification sa barcode reader.
3. Sundin ang mga tagubilin sa screen at ilagay ang mga kinakailangang impormasyon.
4. Sundin ang mga tagubilin sa screen upang kumuha ng larawan ng iyong mukha at isumite ito, at kumpletuhin ang aplikasyon.




**QR code para sa aplikasyon ng pag-isyu**

## Computer (Japanese lamang)

1. Kumuha ng larawan ng iyong mukha gamit ang digital camera, at iba pa.
2. Ilagay **ang iyong application ID (23 digits)** sa website ng aplikasyon* at irehistro ang iyong email address.
3. Kapag natanggap mo na ang URL ng nakalaang website para sa mga aplikante, irehistro ang larawan ng iyong mukha, ilagay ang mga kinakailangang impormasyon, at kumpletuhin ang aplikasyon.

*( https://net.kojinbango-card.go.jp/ )




**Application ID (23 digits)**

## Koreo

1. Punan ng mga kinakailangang impormasyon ang application form na kalakip ng individual number notification at maglakip ng larawan ng iyong mukha na kinuha **sa loob ng nakaraang anim na buwan**.
2. Ilagay ito sa kalakip na reply envelope, ipadala, at kumpletuhin ang aplikasyon.



**Application form**



**Larawan ng iyong mukha**



**Reply envelope**

Pakisuyong sumangguni sa website para sa application form ng My Number Card sa mga wikang maliban sa Japanese.

**Narito ang QR code para ma-access ang website ⇒**

*Pakisuyong bisitahin ang sumusunod na website para sa pag-download ng application form at para basahin ang impormasyon tungkol sa My Number Card. (Available sa Japanese, English, Chinese, Korean, Spanish, at Portuguese)
https://www.kojinbango-card.go.jp/

# Pagpaparehistro ng My Number Card bilang Health Insurance Card

Kailangan magparehistro upang magamit ang My Number Card bilang Health Insurance Card. Tulad ng sumusunod:


## ① Pagpaparehistro sa institusyong medikal o parmasya

Narito ang mga paraan para magparehistro sa institusyong medikal o parmasya. Pakisuyong sundin ang pamamaraan.

### Mga bagay na kailangan


- My Number Card

1





Pakisuyong piliin ang "Magrehistro".

2




Pakisuyong kumpirmahin ang Mga Tuntunin ng Paggamit sa Mynaportal, at kung sumasang-ayon ka, piliin ang "Sumang-ayon at magpatuloy sa susunod".

3




Nakumpleto na ang pagpaparehistro ng iyong My Number Card bilang Health Insurance Card.
Pakisuyong piliin ang "Sa susunod" at magpatuloy sa screen para sa pagsang-ayon.

Bersyon sa Tagalog / タガログ語版

# Pagpaparehistro ng My Number Card bilang Health Insurance Card

Kailangan magparehistro upang magamit ang My Number Card bilang Health Insurance Card. Tulad ng sumusunod:

## ② Paunang pagpaparehistro sa Mynaportal

### Mga bagay na kailangan

- My Number Card
- User verification passcode(4 digits)
- Smartphone
- Pag-install ng Mynaportal app

### Pamamaraan ng pagpaparehistro

*Pakisuyong magparehistro gamit ang sumusunod na pamamaraan ayon sa screen image.

① Buksan ang Mynaportal app, mag-log in, at piliin ang “Health Insurance Card” sa ilalim ng “Sertipiko”.

② Kapag ang “Paggamit ng My Number Card” ay nakasulat nang pula at nakasulat na “Hindi pa nakarehistro”, piliin ang “Magrehistro”.

③ Kung magtatagal ang proseso ng pagpaparehistro, lalabas ang mensaheng “Nagrerehistro”.

④ Kapag ang status ng “Paggamit ng My Number Card” ay “Nakarehistro na”, kumpleto na ang iyong pagpaparehistro.

### Mag-log in sa Mynaportal

- I-install ang “Mynaportal app”.
- Gamitin ang My Number Card ng aplikante para mag-log in.


iOS

Android



Pakisuyong i-search ang “Mynaportal” kung hindi ma-scan ang barcode.

[Screen image]



# Paano sumailalim sa medikal na pagsusuri gamit ang iyong My Number Card

Kapag magpapakonsulta sa institusyong medikal o parmasya gamit ang My Number Card na inirehistro bilang Health Insurance Card, gagamit ng card reader na may facial recognition* para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan at kwalipikasyon.

*Ang card reader na may facial recognition ay isang card reader na nag-i-scan ng data ng larawan ng iyong mukha sa iyong My Number Card. Kinukumpara ang "data ng larawan ng iyong mukha" na ito sa "larawan ng iyong mukha" na kinunan sa tanggapan upang ma-verify ang iyong pagkakakilanlan.

## Bumisita sa medikal na pasilidad

**① Ilagay ang iyong My Number Card.**



**Mga uri ng card reader na may facial recognition**



## I-verify ang iyong pagkakakilanlan

**② Pumili ng paraan ng pag-verify ng iyong pagkakakilanlan.**

**Facial recognition**



**PIN (4 digits)**





*Magpapalit ang posisyon ng mga numero.

## Kumpirmahin ang mga bagay na kailangan ng pagsang-ayon


**③ Kumpirmahin at piliin ang paggamit ng pagsusuri o pagpapagamot, gamot, partikular na impormasyon para sa pagsusuri sa kalusugan, at iba pa.**

*Maaaring may iba pang bagay na kailangan kumpirmahin at ng pagsang-ayon, tulad ng elektronikong reseta.




## Nakumpleto na ang pagtanggap

**④ Kung lumabas ang sumusunod na screen, nakumpleto na ang pagtanggap.**



# Mga pagsang-ayon

Kapag nag-check in ka gamit ang card reader na may facial recognition, hihilingin sa iyo na kumpirmahin ang iyong pagsang-ayon kung ibibigay mo ang iyong impormasyon tungkol sa mga nakaraang niresetang gamot, partikular na impormasyon sa pagsusuri sa kalusugan, at iba pa, sa doktor o parmasyutiko.

## Kumpirmahin ang paraan ng pagsang-ayon

過去の医療情報等の提供に同意しますか。【手術 / 診療、お薬 / 検診】

Sumasang-ayon ka bang ibigay ang iyong nakaraang medikal na impormasyon at iba pa? [Surgery / Pagsusuri o Pagpapagamot, Gamot / Pagsusuri sa Kalusugan]

**Sumasang-ayon sa lahat**
全て同意する

**Indibidwal na sumang-ayon**
個別に同意する

## ● Screen para sa indibidwal na pagsang-ayon

| Surgery | Impormasyon sa pagsusuri o pagpapagamot at gamot maliban sa surgery | Impormasyon sa gamot | Impormasyon sa pagsusuri sa kalusugan |
|---|---|---|---|
| 過去の手術情報を、当機関に提供することに同意しますか。 | 過去の手術以外の診療・お薬情報を、当機関に提供することに同意しますか。 | 過去のお薬情報を当機関に提供することに同意しますか。 | 過去の健診情報を、当機関に提供することに同意しますか。 |
| Sumasang-ayon ka bang ibigay ang impormasyon tungkol sa iyong nakaraang surgery sa institusyong ito? | Sumasang-ayon ka bang ibigay ang impormasyon sa pagsusuri o pagpapagamot at gamot maliban sa iyong nakaraang surgery sa institusyong ito? | Sumasang-ayon ka bang ibigay ang impormasyon sa iyong nakaraang gamot sa institusyong ito? | Sumasang-ayon ka bang ibigay ang impormasyon sa iyong nakaraang pagsusuri sa kalusugan sa institusyong ito? |
| **Sumasang-ayon** 同意する | **Sumasang-ayon** 同意する | **Sumasang-ayon** 同意する | **Sumasang-ayon** 同意する |
| **Hindi ako sumasang-ayon** 同意しない | **Hindi ako sumasang-ayon** 同意しない | **Hindi ako sumasang-ayon** 同意しない | **Hindi ako sumasang-ayon** 同意しない |

*Ang disenyo ng screen at lalabas na teksto ay naiiba depende sa pasilidad at manufacturer.

## Sumasang-ayon sa lahat

Kung walang problema na ibigay ang lahat ng iyong nakaraang medikal na impormasyon, pakisuyong piliin ang button sa itaas. **Makukumpleto kapag sumang-ayon ka sa lahat.**


## Indibidwal na sumang-ayon

Kung nais mong pauntiin ang impormasyong ibibigay, pakisuyong piliin ang button sa ibaba. Pagkatapos, lalabas nang magkakasunod ang pagbibigay ng impormasyon sa surgery, gamot, impormasyon sa pagsusuri sa kalusugan, at iba pa, kaya pakisuyong indibidwal na piliin ang iyong pagsang-ayon.

# Mga pagsang-ayon

## (kung muling bibisita sa parehong institusyong medikal o parmasya)

Tungkol sa screen ng pagkuha ng pagsang-ayon sa card reader kapag magche-check in, kapag **muling bumisita** sa institusyon medikal o parmasya na iyong pinuntahan dati, maaaring i-carry over ang iyong nakaraang status ng pagsang-ayon na iyong indibidwal na inirehistro sa pasilidad na ito .
*Ang iyong status ng pagsang-ayon ay hindi ibabahagi sa ibang institusyong medikal o paramasya.




● **Screen para sa indibidwal na pagsang-ayon**: Ang screen para sa indibidwal na pagsang-ayon ay ang parehong screen na lumabas sa pahina 8.

**Kung inidibidwal kang sumasang-ayon, pwedeng i-carry over ang iyong nakaraang impormasyon sa pagsang-ayon.**

❶: Maaari mong kumpirmahin o baguhin ang iyong nakaraang status ng pagsang-ayon” sa pamamagitan ng pag-click sa “Indibidwal na sumang-ayon”.
❷: Kung may impormasyon ng pagsang-ayon na nakarehistro dati, maaaring kumpirmahin ang status ng pagsang-ayon nito.
❸: Makukumpleto ang pagsang-ayon na may parehong detalye ng iyong nakaraang impormasyon ng pagsang-ayon sa pamamagitan ng pag-click sa “I-carry over ng iyong kasalukuyang status ng pagsang-ayon”.
❹: Maaari mong baguhin ang mula sa iyong nakaraang impormasyon ng pagsang-ayon sa pamamagitan ng pag-click sa “Muling piliin” (ito ang magiging impormasyon ng pagsang-ayon sa iyong kasalukuyang pagbisita).

*Ang disenyo ng screen at lalabas na teksto ay naiiba depende sa pasilidad at manufacturer.

# Mga benepisyo ng pagpapakonsulta gamit ang iyong My Number Card

Narito ang mga pangunahing benepisyo ng pagpapakonsulta gamit ang My Number Card:




## Makakatanggap ng mahusay na pangangalagang medikal batay sa data.

Kung sumasang-ayon kang ibigay ang iyong impormasyon sa gamot at iba pa, maaaring maayos na maibahagi ang mga nakaraang niresetang gamot, partikular na impormasyon sa pagsusuri sa kalusugan, at iba pa, nang hindi kinakailangang ipakita ang iyong prescription record sa doktor o parmasyutiko.




## Malilibre ka sa pagbabayad sa halagang lumampas sa itinakdang limitasyon ng mataas na gastusing medikal nang walang karagdagang proseso.


Ang pag-verify ng iyong kwalipikasyon ay isasagawa gamit ang iyong My Number Card, kaya maaari kang ma-exempt sa pagbabayad ng halagang lumampas sa itinakdang limitasyon ng mataas na gastusing medikal nang hindi nangangailangan magdala ng papel na sertipiko at karagdagang proseso.

### Ano ang “Sistema ng mataas na gastusing medikal”?

Ang sistema ng mataas na gastusing medikal ay isang sistema na kung ang halagang binayaran ng institusyon medikal o parmasya ay lumampas sa itinakdang limitasyon sa isang buwan (mula umpisa hanggang katapusan ng buwan), ang lumampas na halagang iyon ay babayaran. Kapag nag-verify ng iyong kwalipikasyon gamit ang My Number Card, malalapat ang sistema ng mataas na gastusing medikal.

# Kung hindi makumpleto ang pagrehistro gamit ang iyong My Number Card

Kapag gagamitin ang My Number Card bilang Health Insurance Card, kung hindi maisagawa ang pag-verify ng iyong kwalipikasyon dahil sa ilang kadahilanan, tulad ng pag-malfunction ng card reader na may facial recognition, isasagawa ang mga sumusunod na hakbang para sa pag-verify ng iyong kwalipikasyon.
Sa ganitong paraan, maaaring magpakonsulta sa pamamagitan ng pagbabayad lamang ng halagang kailangan bayaran, sa halip na buong halaga.




Ipinakita ko ang aking My Number Card, ngunit **hindi makumpleto ang pagrehistro.**


## Kung maipapakita mo ang alinman sa mga sumusunod.

### Screen ng Mynaportal

*Tinatanggap din ang mga PDF file na dinownload mula sa Mynaportal.




### Paunawa tungkol sa impormasyon ng iyong kwalipikasyon




## Kung hindi maipapakita ang alinman sa kaliwa.

### Para sa **muling pagbisita**


#### Berbal na kumpirmasyon

Kung alam ng pasilidad ang mga kinakailangang impormasyon para ma-verify ang iyong kwalipikasyon, berbal na kukumpirmahin ito ng staff.



### Para sa **unang pagbisita**

#### Written application para sa kwalipikasyon ng naka-insured na miyembro




*Pakitanggap ang form mula sa staff at punan ito.

**Ano ang "Paunawa tungkol sa impormasyon ng iyong kwalipikasyon"?**

Ang dokumentong ito ay ibinibigay sa mga may My Number Health Insurance Card nang hindi nangangailangan ng aplikayson. Hindi maaaring magpakonsulta gamit nito lamang. Kung hindi ma-verify ang iyong kwalipikasyon dahil sa ilang kadahilanan, pakisuyong ipakita ito kasama ang iyong My Number Card.

**Ano ang "Written application para sa kwalipikasyon ng naka-insured na miyembro"?**

Ang dokumentong ito ay kailangang punan kung hindi makumpirma ng institusyong medikal o parmasyang iyong unang binisita ang iyong kwalipikasyon, at wala kang screen ng Mynaportal o paunawa tungkol sa impormasyon ng iyong kwalipikasyon.

# Tungkol sa call center (suporta sa wikang banyaga)

Kung mayroon kang anumang katanungan o alalahanin tungkol sa My Number Card, pakisuyong makipag-ugnayan sa call center na nakalista sa ibaba.
*Dumadami ang bilang ng maling tawag. Siguraduhing tama ang numerong tinatawagan para maiwasan ang wrong-number calls.

**① Tungkol sa My Number Card, Individual Number Notification, at Notification Card**

**② Tungkol sa pansamantalang pagsuspinde ng paggamit dahil sa pagkawala o pagnanakaw ng My Number Card o smartphone na may elektronikong sertipiko.**

## 0120-0178-27

### Mga oras na tumatanggap ng tawag

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese

**Araw-araw 8:30 am – 8:00 pm**

Thai, Nepali, Indonesian, Vietnamese, Tagalog

**Araw-araw 9:00 am – 6:00 pm**

※ **Ang pansamatalang pagsuspinde sa ng paggamit sa ② ay available 24 oras.**
※ Kung hindi kumokonekta ang nabanggit na numero: **0570-064-738** (may bayad ang pagtawag)
※ Kung hindi rin kumokonekta ang alinman sa mga nabanggit na numero: **050-3818-1250** (may bayad ang pagtawag)
※ Kung gusto mo ng tulong sa Japanese: **0570-783-578** (may bayad ang pagtawag)
Araw-araw tumatanggap ng tawag 8:30 am – 8:00 pm

**Sistema ng My Number, Mynaportal**

## 0120-0178-26

### Mga oras na tumatanggap ng tawag

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Thai, Nepali, Indonesian, Vietnamese, Tagalog

| | |
|---|---|
| **Weekdays** | **9:30 am – 8:00 pm** |
| **Weekends at holidays** | **8:30 am – 5:30 pm** |

※ Maliban sa katapusan at pagsisimula ng taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3)